

| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ALL SUBJECTS |
| | Teaching Dates and Time: | DECEMBER 11 - 15, 2023 (WEEK 6-DAY1) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | MOTHER TONGUE-BASED | FILIPINO | ARALING PANLIPUNAN | MATEMATIKA | MAPEH |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng wastong pakikitungo sa ibang kasapi ng pamilya at kapwa tulad ng pagkilos at pagsasalita ng may paggalang at pagsasabi ng katotohanan para sa kabutihan ng nakararami | Nasasabi ang kahalagahan ng pagbasa at pagsulat.<br>Naibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagsasakilos<br>Nakikinig na mabuti sa kwentong babasahin<br>Nahuhulaan kung tungkol saan ang kwento batay sa sariling karanasan.<br>Nakagagawa ng hinuha tungkol sa nangyayari batay sa pagkakasunud-sunod ng kaganapan sa kwento. | PS: Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpa-pahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan atdamdamin<br>PN: Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag unawa at pagpapahalaga sa sariling pamilya at mga kasapi nito at bahaging ginagampanan ng bawat isa | The learner . . . demonstrates understanding of addition and subtraction of whole numbers up to 100 including money | The learner... demonstrates basic understanding of the concepts of musical lines, beginnings and endings in music, and repeats in music |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang pagiging magalang sa kilos at pananalita | **MT1OL-IIa-i-1.3** Talk about oneself and one's personal experiences (friends, favorite toys)<br>**MT1OL-IIa-i-5.1** Listen and respond to others in oral conversation | Naipapahayag ang ideya/kaisipan/damdamin /reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon | Ang mga mag-aaral ay buong pagmamalaking nakapagsasaad ng kwento ng sariling pamilya at bahaging ginagampanan ng bawat kasapi nito sa malikhaing pamamamaraan. | The learner . . . is able to apply addition and subtraction of whole numbers up to 100 including money in mathematical problems and real- life situations. | The learner... responds with precision to changes in musical lines with body movements |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto**<br>*Isulat ang code ng bawat kasanayan.* | **EsP1P- IIe-f– 4**<br><br>Nakapagpapakita ng paggalang sa pamilya at sa kapwa | **MT1OL-IIa-i-6.1** Participate actively during story reading by making comments and asking questions. | • F1PS-IIc-3 Naiuulat nang pasalita ang mga naobserbahang pangyayari sa paaralan (o mula sa sariling karanasan)<br>• F1PS-IIf-6.1 Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan | **AP1PAM-IIe-16**<br><br>Nahihinuha ang mga alituntunin ng pamilya na tumutugon sa iba't-ibang sitwasyon ng pang-araw-araw na pamumuhay ng pamilya | **M1NS-IIf-24**<br>illustrates subtraction as "taking away" or "comparing" elements of sets. | **MU1FO-IId-1**<br><br>identifies with body movements the<br><br>6.1 beginnings<br>6.2 endings<br>6.3 repeats of a recorded music example |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | • F1PN-IIf-8 Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento sa tulong ng mga larawan<br>• F1PL-0a-j-6 Naipakikita ang hilig sa pagbasa | - Umiiwas sa labis na paggamit ng *tablet* o *computer* | | |
| ***II. NILALAMAN*** | | | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | Curriculum Guide p. 17 | MTB-MLE Teaching Guide pp. 238-258 | CG p8. TG (Basa Pilipinas) p. 114-116 | Pahina 124-126 | Curriculum Guide p. 16 | Curriculum Guide p. 11 |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | | Pahina 130-136 | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | LRMDS<br>larawan, video clips,tsart | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | tsart | larawan ng may simulang tunog na Hh /Ww plaskard<br>Tsart ng kwento. | | Mga larawan | | |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | | |
| A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin. | Ano ang tawag sa mga hakbang na dapat isagawa kung may gawain?<br>Bakit mahalaga na sumunod sa mga panuto?<br>Ano kaya ang maaring mangyayari kung hindi susundin ang panuto? | Laro: Pahulaan ang mga kilos.<br>Pabaunutin sa mahiwagang kahon ang isang bata ng salita at ipasakilos ito. Hayaang hulaan ng buong klase. Kung sino ang makahula ay siya namang magsasakilos at magpapahula. | Bahaginan<br>Magpaguhit ng isang pangyayari na nagustuhan sa kwentong pinakinggan: Ang Kamatis ni Peles.<br>Ibahagi sa klase ang ginawa.<br><br>Maaaring gamitin ang halimbawang panimula na nakasulat dito sa pisara.<br>Babasahin ko:<br>Ang iginuhit kong eksena ay nang si Peles ay __________.<br>Makikita dito sa larawan ang ______________. | Magpakita ng laarawan ng *tablet* o *computer*?<br>Sino-sino sa inyo ang naglalaro nito?<br> | Itambal ng guhit ang larawan at tamang bilang.<br><br>OOO OO a. 6 + 4 = 10<br>OO<br><br>OO OO OO b. 5 + 2 = 7<br>OO OO | Balikan ang aralin tungkol sa melodiya?<br><br>Ano ang melodiya?<br>Paawitin ang mga bata gamit ang akmang melodiya.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | Akrostika<br>Mahal ko ang aking pamilya<br>Ako'y sumusunod sa payo nila<br>Ginagawa ko ang aking tungkulin<br>Alalay nila ako sa mga Gawain<br>Nais kong ako'y ipagmalaki nila<br>Ang lahat ay laging masaya<br>Kung kami ay sama-sama<br>Iyan ang aking pamilya. | Magpakita ng larawan ng kuwago<br>Kilala ba ninyo ang ibong ito? | Maglahad ng tungkol sa iba't ibang gulay na alam ninyo, kinain ninyo, o nakita ninyo sa palengke, sa ating bakuran, o sa ating komunidad.<br>Ang mga gulay na alam ko ay ang ________.<br>_____, ___ at _____ ang mga gulay na kinakain ko.<br>Nakita ko na ang mga gulay na __________. | Ilang oras ang iginugugol ninyo sa paglalaro nito?<br>Ano ang epekto nito sa iyong pamilya? | Kilalanin ang mga hugis na ipakikita ko<br>Larawan:<br> | Ngayong araw na ito pag-aaralan natin ang anyo ng musika gamit ang kilos ng ating katawan.<br><br>Mahilig ba kayong making ng musika?<br>Ano ang nararamdaman ninyo sa tuwing nakikinig kayo ng musika?<br>Maaari bang sabayan ng kilos ang isang awitin?<br>Paano ba nagwawakas o natatapos ang isang awitin? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin. | | Alam ba ninyo na gustong parusahan si Wako ng mga kasamahan niyang kuwago?<br>Alamin natin sa pamamagitan ng pagsagot sa ating "prediction chart" | Ipakita muli sa klase ang pabalat ng aklat na Ang Kamatis ni Peles.<br>Itanong sa klase kung ano ang pamagat nito. Itanong din kung ano pang impormasyon ang makikita sa pabalat.<br>Tulungan silang tukuyin ang may-akda (Virgilio Almario) at tagaguhit (RenatoGamos) ng aklat. | Babasahin ng guro ang isang lkuwento.<br>"Ang Paglalaro no Benny ng *tablet*" | Laro: Pahulaan<br>May naiisip akong dalawang bilang pag pinagsama mo ay 14 ang sagot. Anu-anong bilang ito? | Awitin ang " Paa, Tuhod" at sundan ang kilos ng braso ng guro habang ipinakikita ang simula at katapusan ng isang parirala .<br>See Tsart |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Gamit ang larawan ,<br>isa-isang ipakilala ang mga kasapi ng pamilya.<br>Sa kapatid na lalaki:<br>Kuya – Ako ang pangnay sa lalaki.<br>Diko – Ako ang sumunod sa kuya.<br>Sangko – Ako ang sumunod sa diko.<br>Sa kapatid na babae:<br>Ate – Ako ang pangnay sa babae. | Pagbasa ng guro sa kwento.<br>Si Wako ang Matalinong Kuwago<br>Si Wako ay isang kuwago. Kakaiba siya sa lahat ng kuwago. Siya ay mahilig magbasa at magsulat. Hindi siya tulad ng ibang kuwago na tulog nang tulog. Lahat ng aklat ay binabasa ni Wako.<br>Isang araw, nagpulong ang lahat ng mga kuwago upang parusahan si Wako. Ngunit | Sabihin: Sa araw na ito, kayo naman ang magsasalaysay o magkukuwento.<br>Gagamitin ninyong gabay ang mga larawan ng aklat upang sabihin kung ano ang nangyari sa bawat pahina. | Malimit nagkakaroon ng problema ang mga magulang sa kanilang mga anak sa kanilang pag-aaral dahil dito. Bakit kaya? | Bilangin natin ang mga bagay na nakikita sa loob ng ating silid-aralan.<br>Pisara eraser<br>pinto bintana<br>Iparinig ang kwento:<br>Gumamit ng mga tunay na bagay.<br>Anu-anong mga bagay ang nasa set?(larawan) | Ilang parirala ang makikita sa awit?<br>Ilang beses inulti ang kilos sa awit? |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Ditse – Ako ang sumunod sa Ate.<br>Sanse – Ako ang sumunod sa Ditse. | ipinaliwanag ni Wako ang kahalagahan ng pagbabasa at nang pagiging marunong magsulat.<br>Sinubukan ni Wako na magkuwento. Nagulat ang matatandang kuwago sa galing ni Wako.<br>Lahat ng mga Kuwago ay tuwang-tuwa na makinig sa kanya. Tinuruan sila ni Wako na magbasa at magsulat ng bilang.<br>Magmula noon ay nagbago ang buhay ng mga kuwago. Hindi na sila tulog nang tulog. Sila ay naging mahilig sa pagbabasa at pagsusulat.<br>Naging modelo para sa kanila si Wako.<br>- Pagbasa ng mga bata sa kwento nang sabayan. | | | | |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Anu-anong magagalang na katawagan ang ating ginagamit sa tahanan?<br>Ginagamit mo rin ba ang mga katawagang ito sa inyong tahanan? Bakit? | . Pagtalakay:<br>Tungkol saan ang kwento?<br>Bakit kakaiba sa lahat ng kuwago si Wako?<br>Ano ang hilig niyang gawin?<br>Ano ang gustong gawin ng mga kuwago kay Wako?<br>Bakit nagulat ang ibang kuwago kay Wako?<br>Nais mo bang gayahin si Wako?<br>Mahalaga ba ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat? | Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipaskil sa pisara ang pitong larawan na hango mula sa mga naganap sa Ang Kamatis ni Peles mula Linggo hanggang Sabado, na hindi nakaayos ayon sapagkakasunod-sunod. Bigyan ang bawat pangkat ng pitong kard kung saan nakasulat ang mga araw ng linggo: Ilahad sa klase ang panuto para sa gawain. | Ipasabi sa mga bata ang masamang epekto sa labis na paggamit ng *tablet* o *computer.* | Paano kung mag-aalis ako ng isang bagay mula sa set?(alisin ang aklat)<br>Aling maliit na subset ang inalis?Ipaliwanag na ang subset ay bahagi ng malaking set.<br>Ipakita ang ilustrasyon upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral.<br> | Ilang beses inulit ang mga parirala sa kantang "Paa, Tuhod"<br><br>Bigyang diin: Ang anyo o form ng awit ang nagpapakita kung paano inaayos ang isang awitin. |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| F. Paglinang sa Kabihasaan (Tungo sa *Formative Assessment*) | | | Paano mo napagsunod-sunod ang mga larawan? | Presentasyon ng awtput | Maglagay sa demo table ng 6 na bagay.<br>Sabihing ito ay isang malaking set.<br>Mula rito, mag-alis ng mga bagay para gawing subset at ipatukoy sa mga bata.<br>Itanong: Ano ang malaking set?<br>Anong subset ang inalis? | Awitin ang "Paa Tuhod" ng wasto kasabay ang akmang kilos.<br>(5pts) |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay | Dula-dulaan sa Paggamit ng Magagalang na Katawagan. | Pangkatang Gawain:<br>Pangkat 1 – "Ay Kulang"<br>Pagbuo ng puzzle.<br>rtista Ka Ba? – Ipasadula ang mahalagang bahagi.<br>umilang Ka" – Bilangin ang mga aklat na nabasa ni Wako.<br>Pangkat 4 – Iguhit Mo<br>Damdamin ng mga kuwago matapos matutong magbasa sa tulong ni Wako. | | Magsulat ng kasunduan. Ito ay lalagdaan ng magulang at mag-aaral.<br>Simula ngayon , ipinapangako kong hindi na ako gagamit ng *tablet* o *computer* ng labis sa oras na nararapat. | Iguhit ang suliranin para maipakita ang pag-aalis ng subset.<br>May 8 bola sa kahon.<br>Tatlo sa mga bola ay inalis.<br>Ilang mga bola ang natira?<br><br>Iguhit ang subset na inalis.<br>Ipagamit ang sho-me-board sa mga bata para sulatan ng sagot. | Pangkatang Gawain:<br>Bigyan ng mga awitin ang bata na may bahaging inuulit.<br>Isagawa ang awitin kasabay ang kilos ng katawan. |
| H. Paglalahat ng Aralin | Anu-ano ang mga magagalang na pantawag para sa kapatid na lalaki/babae?<br>Tandaan:<br>Ang Kuya, Diko at Sangko ay magagalang na pantawag sa kapatid na lalaki.<br>Ang Ate, Ditse at Sanse ay magagalang na pantawag sa mga kapatid na babae.<br>Ginagamit natin ang mga ito upang ipakita an gating paggalang sa mga nakakatandang kapatid. | | Gaya ng natuklasan ninyo sa inyong bahaginan, maraming mga kuwento ang naisulat na at naghihintay na alamin o buklatin natin sila. Marami tayong mapupulot na bagong salita, bagong ideya, at bagong impormasyon mula sa mga libro. Sana'y magpatuloy tayong lahat sa pagtuklas ng mga bagong kuwento at babasahin. | Ang pag-iwas ng paggamit ng labis ng *tablet* o *computer* ay isang tuntunin na dapat sundin sa tahanan. | Ano ang mangyayari kung inaalisan o binabawasan ng isang bagay ang malaking set?<br>**Tandaan:**<br>Ang bilang ng mga bagay sa set ay lumiliit. | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| I. Pagtataya ng Aralin | Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Panganay na kapatid na lalaki?____<br>2. Sumunod na kapatid na babae sa ate?____<br>3. Panganay na kapatid na babae?_____<br>4. Sumunod sa Diko?______<br>5. Sumunod sa kuya na kapatid na lalaki?___ | Sagutin: Tama o Mali<br>Mahalagang matutuhan ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat._____<br>Si Wako ay mahilig matulog.<br>Tuwang-tuwang nakinig ang mga kuwago sa kwento ni Wako?_______<br>Naparusahan ng mga kuwago si Wako.____<br>Ang pagbabasa at pagsusulat ay mahalagang matutuhan ng lahat.______ | | Tama o Mali<br>_______1. Humingi ng pahintulot sa magulang bago maglaro ng *tablet* o *computer*<br>_______2. Maglaro ng tablet hanggang magdamag. | Aling subset ang tinaggal? Iguhit ito.(Optional ang bagay na ibig alisin ng guro)<br>Bola lobo yoyo paikot<br>kutsara at tinidor tasa plato<br>parisukat bilog tatsulok biluhaba parihaba<br>mansanas talong mangga okra<br>A B C D E F | Pag-aralan ang awitin. Lagyan ng istar ★ ang bahaging unahan ng awit,<br>puso ang bahaging inulit<br>at araw naman ang<br>hulihang bahagi ng awit.<br>____Paa, tuhod, balikat , ulo<br>____Paa, tuhod, balikat, ulo<br>____Paa, tuhod, balikat , ulo<br>____Magpalakpakan Tayo |
| J. Karagdagang Gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | Iguhit ang iyong mga kapatid.<br>Sa ilalim isulat mo ang katawagan para sa bawat isa. | Iguhit si Wako.<br>Sumulat ng 3 pangungusap tungkol sa kanya. | Magpakuwento sa inyong nanay o tatay ng isang kuwento na ikinuwento rin sa kanila ng kanilang magulang. Tanungin ang inyong magulang kung ano ang nagustuhan nila tungkol sa kuwentong ito noong bata pa sila. | | Iguhit ang sagot.<br>May 5 bulaklak si Ellen. Ibinigay niya sa guro ang 2. Ilan ang natira sa kanya? | Magtanong sa kasama sa bahay ng isang awit na may linyang inuulit at isaulo ito. |
| ***IV. Mga Tala*** | | | | | | |
| ***V. PAGNINILAY*** | | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.* | | | | | | |

C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?